# Valentine, Panahon ng Kuwaresma, at Pagpapagaling

## A Lord's Flock Worship Service Topic

By: Fr. Glenn Paul Gomez, SVD

Pebrero 14, 2026

Ang Pebrero ay kilala sa buong mundo na buwan ng pag-ibig , pinagdiriwang bilang Araw ng mga Puso. Ngayong taon, ito'y simula rin ng panahon ng kuwaresma – panahon kung saan pinatunayan ang pinakadakilang expresyon ng pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo, nagdadala ng komprehensibong paggaling sa lahat ng mananampalataya.




**1. VALENTINE**

1.1. Ang Valentine ay galing sa salitang *"valere*," na ibig sabihin "lakas at halaga"; nagiging conn

1.2. ection ito sa sigla, pagpapagaling, at kabuuan.

1.3. Ang Valentine ay hindi ma-spell kung walang "**LENT**," na inilalarawan ang pag-ibig na nagdadala sa atin ng lakas at halaga sa pamamagitan ng tamang spiritual **VAL**ues at div**INE** dsicipline - VA-LENT-INE.

1.4. Sa mundong nagse-celebrate ng Araw ng mga Puso ng isang araw, kasama ang Diyos, ito'y laging walang hanggan, di nagbabago, at magpakailanman. Kaya, hindi lamang natin kailangan ng Valentine's date; kailangan natin ang Diyos dahil sa Kanya tayo kumukuha ng lakas at halaga.

1.5. Hindi lamang emosyon ang ipinapakita ng Valentine kundi pag-ibig na nagbibigay ng lakas at halaga, na nagko-connect sa Kuwaresma at ang mensahe ng pagpapagaling.

**2. PANAHON NG KUWARESMA**

2.1. Ang Kuwaresma ay naglalarawan sa atin kung ano ang pinahahalagahan natin na nagdadala sa atin sa kabanalan. Ito ay espiritwal na paglalakbay sa kabanalan sa pamamagitan ng paggunita at pagbabalik-tanaw sa mga paghihirap, kamatayan, kaluwalhatian, at tagumpay ni Hesus.

2.2. Kahulugan

2.2.1. Liturhikal- 40 araw na pag-aayuno at pagninilay (simula sa Miyerkules ng Abo hanggang Linggo ng Pagkabuhay).

2.2.2. Doctrinal- paalala sa nagliligtas na biyaya ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, na tuloy-tuloy na biyaya sa pamamagitan ng pagsisisi at pananalig.

2.2.3. Pastoral- pagbabago para sa mas mabuti at panibagong pamumuhay kasama si Kristo; ialay natin ang ating mga paghihirap sa Kanya.

2.3. Pagbabagong-anyo ni Hesus sa Mt. Tabor — ipinapakita ng Gospel reading sa pangalawang linggo ng Kuwaresma ang pag-asa sa kaluwalhatian pagkatapos ng Kanyang paghihirap at kamatayan. Ito'y makapangyarihang paalala na kaya nating baguhin ang ating kalooban para sa ating kaluwalhatian at tagumpay sa kabila ng ating paghihirap.

**3. PAGPAPAGALING**

3.1. Sa taong ito, ang Pandaigdigang Araw ng mga Maysakit ay Pebrero 11. Pinapaalala sa atin na ang kalusugan ay pangunahing concern ng tao - physical, emotional, mental, at spiritual. Ang mga tao ay nagshi-shift mula sa pagpapagaling tungo sa pagtanggal ng mga sakit sa pamamagitan ng DNA interventions at modern technologies para humaba pa ang buhay.

3.2. Pinagaling ni Hesus ang babaeng dinudugo ng 12 taon (Mateo 9:20–22). Naubos na ang kanyang kayamanan sa pagpapagamot, ngunit tanging si Hesus lamang ang nakapagpagaling sa kanya.

3.3. Ang Integral healing ay magkasamang pananalig at medisina. Ibinabalik ang dating kalagayan ng katawan, binabago ang pananaw, at ang mahalaga, binabago ang espiritu. Ang transhumanistic psychology ay nagsa-suggest na may mas mataas pa sa tao – gaya ng paghahanap ng modern science na mapagtagumpayan ang physical limits — itinuturo ng theology na ang spirit bilang pinagmumulan ng totoo at pangmatagalang kabuuan.

3.4. Ang pananalig kay Hesus ay pinagmumulan ng totoong kagalingan sa pamamagitan ng pagbuo ng malalim na relasyon sa Kanya.

**Konklusyon:**

Ipinapakita na ang VA-LENT-INE ay hindi lamang emosyon, kundi divine transformation na nabubuo sa pamamagitan ng divine discipline, at naging buo sa pamamagitan ng paglalakbay sa Panahon ng Kuwaresma tungo sa pagpapagaling ni Kristo.

**Pagninilay:**

Anong mga spiritual values at disciplines ang maipangako mong magagawa ngayong Panahon ng Kuwaresma para mapalapit sa kagalingan mula sa pag-ibig ng Diyos.

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Vera Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.youtube.com/watch?v=W5l_I-GA2MY